

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG HULYO 22, 1992, 9:00 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNANG BAYAN.

Mga Dumalo:

Jesus M. Dimapilis	- Pangalawang Punong Bayan Tagapangulo
Cesar T. Baticos	- Kagawad
Honesto O. Taytay	- -do-
Crisencio S. Calma	- -do-
Juanito A. Bacay, Jr.	- -do-
Ferdinand V. Talens	- -do-
Bernabe S. Mortel	- -do-
Cosme T. Mores, Jr.	- -do-
Ranulfo C. Bernal	- -do-
Jesus S. Dela Cruz	- -do-, Pangulo - ABC

Hindi Dumalo:

W A L A

KAPASYAHAN BLG. 28
Taong 1992

KAPASYAHANG NAGPAPATIBAY AT TUMATANGKILIK
SA INTERNAL RULES OF PROCEDURE NG SANGGUNANG
NIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SA KADAHILANANG, ang Sangguniang Bayan ng Roxas ay isang lehislaturang sangay ng pamahalaang lokal at nabuo ng naaayon sa batas upang ang lahat ng hakbang at mga gawain nito'y maipatupad pera sa pamahalaan ng bayang ito;

SAPAGKA'T, ayon sa Chapter 3 (Local Legislation), Title Two (Elective Officials) Book I ng Local Government Code of 1991 at lahat ng Seksyong napapaloob dito, nararapat lamang na ang isang Sanggunian ay magkaroon ng sariling Rules of Procedure, o kung mayroon man ay dapat na maiakma sa kasalukuyang panahon;

SAPAGKA'T, ang isang sangay ng pamahalaang lokal na tulad nito ay kinakailangang magkaroon ng wastong kaayusan at tamang pamamaraan habang idinaraos ang pagpupulong at nararapat lamang na ang bawat Seksyong napapaloob dito ay masunod ng bawat kasapi;

SAPAGKA'T, higit sa lahat, nararapat lamang na magkaroon ng disiplina ang bawat kasapi kaya't ang nabanggit na Rules of Procedure ay magiging gabay upang mapabilis at maituon sa wastong direksyon ang bawat talakayan; at

SAPAGKA'T, ang Internal Rules of Procedure ng Sanggunian ay ibinabatay rin sa takbo ng panahon, ang ilang bahagi o mga bahagi nito'y maaari pang magkaroon ng pagbabago kung kinakailangan.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kag. Honesto O. Taytay at pinangalawahan ni Kag. Bernabe S. Mortel -

IPINASYA, tulad ng dito'y pagpapasya na ang nabanggit na Internal Rules of Procedure ay pagtibayin at tangkilikin ng Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro.

IPINASYA RIN na bigyan ng sipi ng Resolusyong ito, kalakip ang teksto ng Internal Rules of Procedure ang bawa't kasapi ng Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro para sa kanilang pagtangkilik at pagtupad gayundin ang kagalang-galang na Punong Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro, GELACIO I. YASON, para sa kanyang pagsusuri at kaalaman.


Pinagtibay ng lahat.

Hulyo 22, 1992

PINATUTUNAYAN KO ang katotohanan ng nasasaad sa kapasahang ito.


VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

PINAGTIBAY:


JESUS M. DIMAPILIS
Tagapangulo

merz/